## TRAFFIC PLAN DAPAT PANG PAG-ARALAN

# Pagsasara ng Tandang Sora flyover, giit ipagpaliban

Nina ANGIE DELA CRUZ at LORDETH BONILLA

Inirekomendang ipagpaliban muna ng isang linggo ang pagsasara ng Tandang Sora flyover at intersection para pag-aralan muna ang mga traffic plan na ipatutupad sa lungsod.

Ito ang rekomendasyon ng Quezon City Council sa tanggapan ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA).

Sa sulat ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte kay MMDA General Manager Jojo Garcia, hiniling nito na ipagpaliban muna ang pagsasara ng Tandang Sora flyover at intersection na itinakda sana sa Sabado (Pebrero 23) para sa konstruksyon ng Metro Rail Transit (MRT) 7 at tatagal hanggang 2020.

Nakasaad sa sulat ni Vice Mayor Belmonte, na kung maaari ay re-schedule na lamang sa Marso 1, 2019 ang pagsasara nito.

Ito ay para mabigyan ng sapat na panahon ang Quezon City government para sa information dissemination na kanilang ipapakalat sa mga residente ng siyudad.

Bukod dito ay upang mapag-aralan ang mga traffic plan na ipatutupad sa mga apektadong lugar.

Sa ginanap na public consultation, sinabi ni QC presiding officer Joy Belmonte na payag ang konseho na ma-delay ng isang linggo ang pagsasara sa flyover upang higit na mapaghandaan ng mga barangay officials, ng mga subdivision officials, mga business establishment, MMDA, QC Traffic at iba pang stakeholders ang mga paraan na gagawin para maibsan ang idudulot na epekto ng pagsasara nito.

Apektado nito ang mga 70 barangay kaya't minabuti ng pamunuan ni Belmonte na magpatawag ng isang public consultation sa pagitan ng mga stakeholders para malaman ang mga paraan na dapat gawin ng bawat isa para sa interes ng mamamayan.

Sa hearing, sinabi ni MMDA GM Garcia na nairekomenda na niya sa EEI na magkaroon ng isang elevated U-turn sa Tandang Sora para maiwasan ang matinding traffic dito.

May 100 enforcers anya ng MMDA ang tutulong sa QC DPOS para mangasiwa sa daloy ng trapiko sa lugar oras na isara ang naturang fly over.

Sinabi ni Garcia na magtatakda naman ang MMDA ng alternate route tulad sa Luzon, Congressional Avenue at Mindanao Avenue oras na gibain ang naturang flyover.



*Pinangunahan ni QC Vice Mayor Joy Belmonte ang isinagawang public consultation patungkol sa nakatakdang pagsasara ng Tandang Sora flyover na inaaasahang lilikha ng matinding trapik sa lugar kaugnay sa construction ng MRT-7. Nasa larawan din si Cong. Winston Castelo, head ng Committee on Metro Manila Development at mga opisyal ng MMDA. (Kuha ni Boy Santos)*